

Noli Me Tangere Tauhan at mga Katangian ng Bawat Isa



Maraming tauhan ang bumubuo sa nobelang Noli Me Tangere ng ating pambansang bayani na si [Dr. Jose Rizal](#). Halina't sama-sama nating kilalanin kung sinu-sino sila at kung ano ang mga katangian ng bawat isa.

Sa post na ito, mababasa ninyo ang mga mahahalagang tauhan pati na rin ang mga tauhan na kaunti lamang ang ginampanan sa nasabing nobela.

SEE ALSO: [Noli Me Tangere Buod ng Buong Kwento \(Maikling Buod + PDF\)](#)

Mga Tauhan sa Noli Me Tangere

Juan Crisóstomo Ibarra y Magsalin

Si Juan Crisóstomo Ibarra y Magsalin ay ang binatang nag-aral sa Europa. Nangarap siyang makapagpatayo ng paaralan upang matiyak ang magandang kinabukasan ng mga kabataan ng San Diego. Nag-iisa siyang anak ni Don Rafael Ibarra. Itinuring siyang “eskumulgado” at idinawit sa naganap na pag-aalsa. Siya ay katipan ni Maria Clara.

Maria Clara

Ang babaeng pinakamamahal ni Ibarra. Kilala si Maria Clara sa San Diego dahil sa kanyang angking ganda at kayumian. Anak siya ni Donya Pia Alba kay Padre Damaso.

Elias

Piloto at magsasakang tumulong kay Ibarra para makilala ang kanyang bayan at ang mga suliranin nito. Namatay siya sa pagliligtas kay Ibarra.

Kapitan Tiyago o Don Santiago de los Santos

Mangangalakal na taga-Binondo. Siya ang ama-amahan ni Maria Clara. Madalas siyang magpahanda ng salu-salo at kilala sa pagiging bukas-palad.

Padre Damaso Verdolagas

Isang kurang Pransiskano na masalita at talagang magaspang kumilos. Nagpalipat siya ng ibang parokya matapos maglingkod ng matagal na panahon sa San Diego.

Padre Bernardo Salvi

Ang paring pumalit kay Padre Damaso na mayroong lihim na pagtingin kay Maria Clara.

Padre Sibyla

Paring Agustino na lihim na sumusubaybay sa mga kilos ni Ibarra.

Kapitan-Heneral

Siya ang pinakamakapangyarihan sa Pilipinas. Siya ang lumakad upang maalisan ng pagka-ekskomunyon si Ibarra.

Pilosopo Tasyo o Don Anastacio

Maalam na matandang tagapayo ng marurunong na mamamayan ng San Diego. Ang tingin ng mga 'di nakapag-aral ay baliw ang matanda ngunit para sa mga may alam ay isa siyang pilosopo. Hindi siya nakapagpatuloy ng pag-aaral at maagang nabalo kaya ginugol ang panahon sa pagbabasa ng mga aklat.

Sisa

Isang mapagmahal na ina na may asawang pabaya at malupit.

Pedro

Asawa ni Sisa.

Basilio at Crispin

Magkapatid na anak ni Sisa. Pareho silang sakristan at tagatugtog ng kampana sa simbahan ng San Diego. Si Basilio ang panganay at bunso naman si Crispin.

Tinyente Guevarra

Isang matapat na tinyente ng mga guwardiya sibil na nagsalaysay kay Ibarra ng tungkol sa kasawiang sinapit ng kanyang ama.

Alperes

Ang kaagaw ng kura sa kapangyarihan sa San Diego.

Donya Consolacion

Napangasawa ng Alperes. Dati siyang labandera na may malaswang bibig at pag-uugali. Katawa-tawa siya kung manamit at ikinahihiyang isama ng Alperes. Ipinapalagay niya na siya'y higit na maganda kay Maria Clara.

SEE ALSO: [Noli Me Tangere Buod ng Bawat Kabanata \(1-64 with Talasalitaan + PDF\)](#)

Donya Victorina de los Reyes de Espadaña

Babaeng nagpapanggap na mestisang Kastila kung kaya abut-abot ang kolorete sa mukha at maling pangangastila. Asawa ni Don Tiburcio de Espadaña

Don Tiburcio de Espadaña

Isang pilay at bungal na Kastilang napadpad sa Pilipinas sa paghahanap ng magandang kapalaran. Asawa ni Donya Victorina at nagpanggap na doktor.

Linares

Malayong pamangkin ni Don Tiburcio at pinsan ng inaanak ni Padre Damaso na napili niya para mapangasawa ni Maria Clara.

Don Filipino

Tinyente mayor na mahilig magbasa na Latin. Siya ang ama ni Sinang.

Senyor Nol Juan

Siya ang namahala ng mga gawain sa pagpapatayo ng paaralan.

Lucas

Taong dilaw na gumawa ng kalong ginamit sa di-natuloy na pagpatay kay Ibarra.

Tarsilo at Bruno

Magkapatid na ang ama ay napatay sa palo ng mga Kastila.

Tiya Isabel

Pinsan ni Kapitan Tiago na tumulong sa pagpapalaki kay Maria Clara.

Donya Pia Alba

Masimbahing ina ni Maria Clara na namatay matapos na maisilang ang anak.

Iday, Sinang, Victoria, at Andeng

Mga kaibigan ni Maria Clara sa San Diego

Don Rafael Ibarra

Ama ni Crisostomo Ibarra. Labis siyang kinainggitan ni Padre Damaso dahil mayaman ito. Tinawag din siyang erehe.

Don Saturnino

Ninuno ni Crisostomo Ibarra

Don Pedro Eibarrimendia

Lolo ni Crisostomo Ibarra. Siya ang naging dahilan ng matinding kasawian ng nuno ni Elias.

Don Primitivo

Isang matandang lalaki na marunong mangatwiran at mahilig magsalita ng Latin. Siya ay pinsan ni Kapitan Tinong.

Mang Pablo

Matandang pinuno ng mga tulisan na ibig tulungan ni Elias.

SEE ALSO: [El Filibusterismo Tauhan at mga Katangian ng Bawat Isa \(with PDF\)](#)

Kapitan Basilio, Kapitan Tinong, at Kapitan Valentin

Ilan sa mga kapitan sa bayan ng San Diego

Kapitana Maria

Ang nag-iisang babaeng makabayan na pumanig sa pagtatanggol ni Ibarra sa alaala ng ama.

Albino

Dating seminarista na nakasama sa piknik sa lawa.